# [ OTC MEMORANDA SIRKULAR BLG. 2014-03-007, March 05, 2014 ]

## MGA GABAY PATUNGO SA 100% PAGTUPAD/PAGGANAP NG MGA KOOPERATIBANG PANSASAKYAN AT MGA KASAPI NITO SA REKISITO NG CETOS

*Adopted: 05 March 2014*
*Date Filed: 13 August 2014*

Ang "Cooperative Education and Transport Operation Seminar" o CETOS ay isang uri ng pagsasanay o seminar na ginawa upang makapag-bigay ng mga pangunahing pag-aaral at oryentasyon hinggil sa kung paano gumagalaw ang kooperatiba bilang isang organisasyong pang-negosyo at serbisyong pangtransportasyon. Sa katunayan, ang "RA No. 9520" o ang "Cooperative Code of the Philippines of 2008" at mga suportang alituntunin nito, ay nagbibigay pagpapahalaga sa CETOS bilang isang edukasyong sangkap at paunang obligasyon sa pagsisimula ng pag-sanib sa kooperatibang pansasakyan. Ito rin ay nagbibigay ng mga pangkalahatang inpormasyon at sistema na kinakailangan ng isang bagong kooperatibang pansasakyan at/o ng isang bagong kasapi bilang armas upang simulan at harapin ang mga inatang Gawain sa kooperatiba.

Upang mapalaganap ng husto ang CETOS, pinagpasyahan ng OTC Board, sa regular na buwanang pagpupulong nito nuong ika-26 ng Pebrero 2014 at pinagtibay ang Resolusyon Bilang 2014-02-08, na bigyan ang lahat ng mga kooperatibang pansasakyan ng tatlong (3) taong panahon mula sa paglathala ng sirkular na ito, para ganap na mapag-gampanan ang pagsasailalim sa CETOS ng lahat ng mga kasapi/miyembro ng mga ito. Ang paglabag sa direktibang ito ay maaaring maging batayan ng Tanggapang ito para maantala/mapigil ang proseso ng aplikasyon sa "CGS renewal" o rebokasyon nito, alinman ang mas angkop.

Bilang pagbibigay naman ng pagkakataon sa lahat ng mga kooperatibang pansasakyan na maisakatuparan ang altuntuning ito, ang lahat ng mga kooperatibang pansasakyan ay hinihikayat ng mag-organisa at mamahala ng kanilang sariling aktibidades o programa sa CETOS para sa kanilang mga baguhan o datihang mga kasapi o miyembro na wala pang seminar batay sa mga sumusunod na kundisyon:

1. Ang inyong kooperatiba ay mayroong naipon na hindi bababa sa tatlungpo (30) at di tataas sa apatnapo (40) bilang ng mga kasapi o miyembro na nangangailangan ng CETOS;

2. Ang inyong kooperatiba ay mayroong maayos at angkop na lugar at pasilidad kung saan idadaos ang seminar; at

3. May isang pederasyon o mga dalawa (2) o higit pa na mga grupo ng mga kooperatibang pansasakyan na may pinag-samang bilang na kasapi mula 30